# {May binanggit sa piling ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang lalaking natulog sa gabi nito hanggang sa nag-umaga. Nagsabi siya: "Iyan ay lalaking umihi ang demonyo sa mga tainga niya," o nagsabi siya: "sa tainga niya."}

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {May binanggit sa piling ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang lalaking natulog sa gabi nito hanggang sa nag-umaga. Nagsabi siya: "Iyan ay lalaking umihi ang demonyo sa mga tainga niya," o nagsabi siya: "sa tainga niya."}
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

May binanggit sa piling ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na isang lalaking natulog hanggang sa nag-umaga, sumikat ang araw, at hindi bumangon para magsagawa ng ṣalāh na isinatungkulin. Kaya naman nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Tunay na iyon ay lalaking umihi ang demonyo sa tainga niya."

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3714